Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD 133-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGKAKALOOB SA PAMAMAGITAN NG TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD SA ILALIM NG BUSINESS PERMIT AND LICENSING DIVISION (BPLO) NG KALUWAGAN AT SAPAT NA PANAHON (GRACE CITY PERIOD) SA MGA NAGNANAIS NA MAGNEGOSYO NG PARKING SPACE FOR A FEE AT KAGYA'T NA MAPAGKALOOBAN NG TEMPORARY BUSINESS PERMIT.

AKDA NI: IGG. NOEL G. PINEDA AT IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA

SAPAGKAT, batay sa atas na inilabas ng Department of Interior and Local Government (DILG) sa pamamagitan ng Memorandum Circular No. 2019-121, mahigpit na itinatagubilin ang paglilinis ng mga pampublikong kalsada sakop ng hurisdiksyong teritoryal ng bawat Pamahalaang Lokal mula sa mga "obstructions" at mga ilegal na establisiyimento at mga balakid;

SAPAGKAT, layunin nitong maibalik sa mamamayan at mga motorista ang kalsada at bangketa gayundin ang pagpapaluwag ng daloy ng trapiko sa mga kalsada;

SAPAGKAT, kasabay ng paglilinis at pagsasaayos nga mga daan ang pagseseguro ng may sapat na espasyo o' lugar ang mga apektadong lugar, lalo't higit ang mga maliliit na magnenegosyo o mga naghahanapbuhay;

SAPAGKAT, isa sa mga apektadong sektor ang trasportasyon na may kaugnayan sa kanilang terminals o himpilan gayundin ang paradahan lalo't higit sa paligid ng Pamilihang Bayan ng Malolos na kung saan ay maraming mamimili ang apektado, bunsod ng kawalan ng sapat na lugar para pagparadahan;

SAPAGKAT, mayroong mga bakanteng lote o lupa na maaring magamit bilang paradahan o parking area for a fee na makatutulong para maibsan o tuluyang masolusyunan ang illegal parking;

SAPAGKAT, batay sa Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Lokal na Pamahalaan, na tungkulin ng Pamahalaang Lokal na isulong ang kagalingang panlahat;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Igg. Nino Carlo C. Bautista na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na nagbibigay kaluwagan o sapat na palugit o panahon (grace period) para sa mga nagnanais na magnegosyo ng parking for a fee at kagya't na mapagkalooban ng Temporary Business Permit;

IPINASIYA PA DIN, na pinagkakalooban ng anim (6) na buwan buhat ng pagkakaloob ng Temporary Business Permit upang makumpleto ang lahat ng kinakailangang rekositos; at

IPINASIYA PA DIN, na mabigyang sipi ng Kapasyahang ito ang bawat Sangguniang Barangay at mga ahensya at Tanggapan ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

****KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
** wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod
DhorieTrogo(SDC2)*082319